



U.S. Department of Justice Community Relations Service

Maging Bahagi sa Kalutasan

Mag-apply para maging Manggagawang Nagsasanay [internship]ng Tagapamayapa ng America

Naghahanap ang United States Department of Justice Community Relations Service (CRS) ng mga mag-aaral mula sa mga magkaiiba-ibang karanasang pangkarunungan na gustong magtrabaho sa “Tagapamayapa ng America” sa mga komunidad sa ibayo ng bayan. Sa pamamagitan ng internship program ng CRS, makakakuha ang mga mag-aaral ng pangunahing karanasan sa pagtatrabaho sa isang pederal na ahensiya na may-epekto sa buong bayan – tumutulong sa pagpigil at pagtugon sa salungatan, pagkabahala, mga krimen na pagkapoot, at iba pang hamon na hinaharap ngayon ng mga komunidad natin.

Bakit dapat pag-isipan ng mga mag-aaral ang internship program ng CRS?

Masaksihan ang pang-araw-araw na pangasiwa ng isang pederal na ahensiya

Mamasdan nang tuwiran kung papaano naglilingkod ang CRS sa bansa sa isa sa mga 15 na opisina.

Makatamo ng bukod-tanging pananaw sa gawain at layunin ng CRS

Magtrabaho sa mga proyekto na sakop ang nagkaiiba-ibang paksa

Dumalo sa mga miting at pangyayari kasama ng tauhan upang mapalawak ang kaalaman ng pamahalaan at mga estratehiyang panglutas ng salungatan

Buod ng Programa ng Hindi Sapilitan na Internship ng Mag-aaral

Sino: Mga kasalukuyang nasa kolehiyo, tapos ng kolehiyo, at mga nag-aaral ng abogasya na madamdamin sa pagpapahusay ng mga kaugnayan sa komunidad, na mag-aalalay sa layunin ng CRS, na nakipagtutulongan sa estado at lokal na pamahalaan, pribado at pampublikong samahan, at mga grupo at pinuno sa komunidad. Tumatanggap ang CRS na mga aplikante mula sa iba't-ibang medyor.

Saan: Maaaring mag-apply ang mga mag-aaral na mag-intern sa CRS Headquarters sa Washington, D.C., o sa isa sa 10 opisinang pampook o sa apat na opisinang panlarangan na matatagpuan sa ibayo ng bayan. Tingnan ang mapa sa likod para sa mga kinaroroonan.

Kailan: Tumatanggap ang CRS ng mga aplikasyon para sa mga internship sa Summer, Fall, at Spring na patuloy sa buong taon.

Pagkamarapat:

- U.S. Citizen
- 18 taon edad o mas matanda
- Kasalukuyang nag-aaral sa kolehiyo, tapos ng kolehiyo, o nag-aaral ng abogasya
- Dapat makapasa sa pagsiyasat ng karanasan pangkaligtasan bago

(Maaaring tumagal ang mga pagsisiyasat pangkaligtasan nang hanggang apat na buwan)



Nagkaloob sa akin ang pag-interna sa CRS ng hindi lamang malawak na pag-iintindi ng ating sistema ng katarungan, gayon din ng pagkakataon na makatamo ng kabatiran tungkol sa mga layunin ng CRS. Sa CRS ang lugar kung saan ang damdamin ko para sa mga usaping karapatan ng mamayan ay nagsama sa kahiliigan ko na pahasayin ang mga kaugnayan sa komunidad, magtatag ng mga kalutasan sa komunidad, at positibong kilos ng pamahalaan. **JAIPREET SETHI**

Ano: Nag-iiba-iba ang mga uri ng paghihirang sa mga intern batay sa kinaroroonan ng opisina. Kabilang sa mga halimbawa:

- ▶ **Tinutulungan ang mga nakatataas na pinuno at mga tauhan** sa pananaliksik at pagsulat, pagtatasa ng programa, pagrepaso ng mga kaso, pangangasiwa, at pagsisiyasat ng estratehiya para lutasin ang salungatan sa komunidad.
- ▶ **Tinutulungan ang Legal Counsel** sa pagrepaso ng mga kasunduan na may kinalaman sa mga kaso at mga pagtugon sa Freedom of Information Act at pagsusuring pambatas.
- ▶ **Tinutulungan ang mga tauhan sa pook** sa pagplano at pagtupad ng mga paglilingkod ng CRS at lumalahok sa mga kasong ugnay sa lokal na komunidad upang tulungang paluwagan ang pagkabahala na nanggagaling sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at krimen ng pagkapoot.

Papaano: Umplay sa pamamagitan ng pagsumite ng mga sumusunod sa email sa CRSInternCoordinator@usdoj.gov:

- Resume
- Maikling cover letter na nagpapaliwanag ng inyong interes sa CRS, mga petsa na makakatrabaho, at kagustuhang lokasyon ng opisina
- Transcript mula sa pinapasukang kolehiyo o universidad

Pinapayo namin na umplay nang apat na buwang nauuna sa inaasahang petsang pagsimula.

Ukol sa CRS ▼

Itinatag ng Title X ng Civil Rights Act ng 1964 at pinalawak ng Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009, ang CRS ay nagsisilbing “Tagapamayapa ng Amerika” para sa mga komunidad na humaharap sa pagkabahala at pagtatalo batay sa pakakaiba ng lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, pagkilala ng kasarian, pagkiling na sexual, pananampalataya, at kapansanan. Layunin ng CRS na pabutihin ang kakayahan ng mga lokal na komunidad nang bawat isa at magtutulungan na pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap, sa pamamagitan ng paglutas ng problema, dinagdagang kaalaman, at pinahusay na pakikitungo.

Mga Programa at Paglilingkod ng CRS ▼

Nagkakaloob ang CRS ng hanay ng mga programa sa mga komunidad na nagdadanas ng pagkabahala, bilang kasangkapan para patubuin ang pag-iitindi, pahasayin ang pagtutulungan, at iwasan ang mga pagtatalo sa hinaharap. Ang mga tauhan ng CRS ay mga propesyonal na tagapamagitan, tagapadali, tagasanay, at kasangguni na may karanasan sa pagsama-sama ng mga kasapi sa komunidad upang tulungang dagdagan ang kanilang kakayahang lutasin ang mga kasalukuyang pagtatalo at pigilin ang mga pagtatalo sa hinaharap.

Saan Kami Nagsasagawa ▼

Punong Tanggapan ng CRS 📍

Washington, DC

Mga Opisang Pampook ng CRS 📍

New England

Boston, MA

Northeast

New York, NY

Mid-Atlantic

Philadelphia, PA

Southeast

Atlanta, GA

Midwest

Chicago, IL

Southwest

Dallas, TX

Central

Kansas City, MO

Rocky Mountain

Denver, CO

Western

Los Angeles, CA

Northwest

Seattle, WA


Mga Opisina sa Larangan ng CRS

Miami, FL

Detroit, MI

Houston, TX

San Francisco, CA



Hanapin kami, makiugnay sa amin ▼

www.justice.gov/crs



[facebook.com/DOJCRS/](https://www.facebook.com/DOJCRS/)



[@DOJ_CRIS](https://twitter.com/DOJ_CRIS)



askcrs@usdoj.gov



202.305.2935